UNSTOPPABLE

# Mahimalang Kaligtasan

WEEK 4

## WARM-UP

- Gusto mo ba ng mga kwento kung paano nagiging magkaibigan ang mga dating magkaaway? Ano sa tingin mo ang nagpapaganda o epektibo sa mga ganitong kwento?
- Mag-isip ng isang kaibigan na mas marami ang pagkakaiba ninyo kaysa pagkakapareho. Paano kayo naging magkaibigan?
- Kamakailan mo bang natapos ang isang mahalaga at kritikal na gawain na ayaw mo gawin noong una? Paano mo ito unang hinarap at paano mo ito natapos?

## WORD

*1 Patuloy pa rin ang pagbabanta ni Saulo sa buhay ng*
*mga tagasunod ng Panginoon. Pinuntahan pa niya ang*
*punong pari 2 at humingi ng mga sulat na ipapakita niya*
*sa mga sambahan ng mga Judio sa Damascus bilang*
*katibayan na binibigyan siya ng kapangyarihang hulihin*
*at dalhin sa Jerusalem ang sinumang makikita niya roon*
*na sumusunod sa pamamaraan ni Jesus, lalaki man*
*ito o babae. 3 Nang malapit na si Saulo sa lungsod ng*
*Damascus, bigla siyang napalibutan ng nakakasilaw na*
*liwanag mula sa langit.* **GAWA 9:1–3**

(Basahin din ang **GAWA 9:4–22.**)

Bawat kwento ng kaligtasan ay isang himala ng biyaya ng Diyos, para sa nakaririnig ng ebanghelyo at para rin sa taong ginamit ng Diyos upang ibahagi ito. Tingnan natin ang kwentong ito mula sa dalawang pananaw. Si Saulo ay itinuturing ng marami na imposibleng abutin. Patuloy niyang inuusig ang mga tagasunod ni Cristo. Sa kabilang banda, naroon si Ananias, isang karaniwang disipulo, na pinagkalooban ng napakalaking tungkulin na lapitan si Saulo, ang mang-uusig. Ngayon, tingnan natin ang mga aral na maaari nating makuha mula sa kwentong ito tungkol sa himala ng kaligtasan sa pamamagitan ng ebanghelyo.

## 1 Ang ebanghelyo ay para sa lahat ng uri ng tao.

*[13]Pero sumagot si Ananias, "Panginoon, marami po akong nababalitaan tungkol sa taong iyon, na malupit siya sa inyong mga pinabanal sa Jerusalem. [14]Narito siya ngayon sa Damascus at binigyan siya ng kapangyarihan ng mga namamahalang pari na hulihin ang lahat ng kumikilala sa iyo."* **GAWA 9:13–14**

(Basahin din ang **GAWA 9:20–22.**)

Ito ay patunay kung gaano kalawak ang biyaya at kabutihan ng Diyos. "Panginoon, pati siya?" Maiisip natin na maaaring maging mapagmahal ang Diyos sa marami, pero sa isang tulad ni Saulo? Inilarawan siya bilang taong puno ng *kasamaan*. Madaling isiping wala nang pag-asa para sa kanya. Pero kayang kumilos ng Diyos sa mga lugar at bansa na akala natin ay lampas na sa ating abot, at sa mga puso ng tao na iniisip nating hindi na mababago. Kung kayang kumilos ng Diyos sa isang tulad ni Saulo (na kalaunan ay tinawag na Pablo), paano kaya Siya kumikilos sa mga tao o lugar na hindi mo inaasahan?

## 2 Kayang gamitin ng Diyos ang lahat ng uri ng tao.

*[10]Doon sa Damascus ay may isang tagasunod ni Jesus na ang pangalan ay Ananias. Nagpakita sa kanya ang Panginoon sa isang pangitain at sinabi, "Ananias!" Sumagot siya, "Panginoon, bakit po?" . . . [15]Pero sinabi ng Panginoon kay Ananias, "Lumakad ka, dahil pinili ko siyang maglingkod sa akin, para ipakilala niya ako sa mga hindi Judio at sa kanilang mga hari, at sa mga Israelita. [16]At ipapakita ko rin sa kanya ang mga paghihirap na dapat niyang danasin para sa akin."* **GAWA 9:10, 15–16**

(Basahin din ang **GAWA 9:20–22.**)

Madalas nating iniisip na ang pag-abot sa mga pusong matigas ay para lang sa mga pinaka-maalam o pinaka-matibay na mananampalataya. Inilarawan si Ananias bilang taong nagmamahal at sumusunod kay Jesus. May mga alinlangan at tanong siya, pero sa huli, nagtiwala siya sa Diyos at sumunod. Kapag ibinabahagi natin ang tungkol sa Diyos sa iba, hindi ang

resulta ang nagtutulak sa atin. Ang pag-ibig ng Diyos sa atin ang siyang nagtutulak sa atin. Pinatibay din ng Diyos si Ananias sa pamamagitan ng pagsabi na ang kanyang pagsunod ay magdudulot ng kaligtasan sa marami, kabilang ang mga Hentil, dahil pinili ng Diyos si Saulo para sa isang tiyak na misyon at layunin sa Kanyang plano ng pagtubos. May iniisip ba ang Diyos na sinuman ay maliit o hindi karapat-dapat na gamitin Niya (1 Corinto 1:27–28)?

Bawat kwento ng kaligtasan ay isang himala sa magkabilang panig. Bawat pagkakataon na ibinabahagi natin ang ebanghelyo ay mahalaga, anuman ang kinalabasan. Habang ipinapahayag natin ang ebanghelyo, mas maraming tao ang naaabot, at sila rin ay magbabahagi ng ebanghelyo sa mga nasa paligid nila. Ang epekto nitong parang alon ay ang inaasahan nating makita hanggang sa kawalang-hanggan. Habang naaabot natin ang iba't ibang uri ng tao sa ebanghelyo, mas marami rin ang mga taong magbabahagi nito sa iba, at mas marami ang makakakilala kay Cristo at mababago Niya.

## APPLICATION

- Sa tingin mo, paano mo makikita ang pagkilos ng Diyos sa mga tao o sitwasyon sa paligid mo, kahit na tila imposible o hindi inaasahan?
- Gaya kay Ananias, paano ka inaanyayahan ng Diyos na makilahok sa kwento ng ibang tao, kahit na hindi ka sigurado o iniisip mong hindi ka karapat-dapat? Ano ang mga takot o alinlangan ang humahadlang sa iyo na ipahayag ang ebanghelyo, at paano ka maaaring tumugon nang may pananampalataya?
- Sa tingin mo, kanino ka inaakay ng Diyos para ibahagi ang patotoo mo? Mangakong makikipagkita ka sa kanya ngayong linggo at makikipag-usap tungkol sa iyong pananampalataya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa himala ng kaligtasan na natanggap natin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Bilang isang komunidad, hilingin natin na buksan Niya ang ating mga mata at palambutin ang ating mga puso sa mga tao at sitwasyong madalas nating iniisip na hindi na maaabot.
- Ipagdasal na magkaroon ka ng tapang tulad ni Ananias—ang uri ng tapang na nagsasabi ng "oo" kahit hindi tayo sigurado, kulang sa kakayahan, o nahihirapan sa sitwasyon. Habang isinasabuhay natin ito nang magkakasama, nawa'y turuan tayo ng Banal na Espiritu na magtiwala na kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng mga ordinaryong tao.
- Hilingin sa Diyos na pagkalooban tayo ng pusong nagbabahagi ng Kanyang pag-ibig nang hindi nakatuon sa resulta. Nawa'y matutunan natin, bilang isang komunidad, na kilalanin ang bawat sandali bilang sagradong pagkakataon upang ipakita si Cristo at ipahayag ang ebanghelyo sa buhay ng mga tao sa paligid natin.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2026 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Mark Muleta, Mona Pondales, Jez Villareal

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.